



Estado ng California—Ahensya ng mga Serbisyon
Pangkalusugan at Pantao (Health and Human Services Agency)
Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
(Department of Developmental Services, DDS)
1215 O Street, Sacramento, CA 95814
www.dds.ca.gov



NANCY BARGMANN
DIREKTOR

GAVIN NEWSOM
GOBERNADOR

Nobyembre 3, 2023

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER
PAKSA: MGA PAGBABAGO SA TRAILER BILL PARA SA MGA IBINALIK NA SERBISYO
AT MGA BAGONG SERBISYONG PINANGANGASIWAAN NG KALAHOK
(PARTICIPANT-DIRECTED SERVICES)

Layunin ng sulat na ito ang magbigay ng impormasyon na nauugnay sa pagbabago sa batas epektibo Hulyo 1, 2023, na idinagdag ang seksyon [4688.22](#) at [4519.5\(a\)\(8\)](#) ng Welfare and Institutions (W&I) Code, at nakakaapekto sa mga serbisyo sa camping; mga aktibidad sa libangan sa pakikisalamuha; mga serbisyon pang-edukasyon sa mga bata; at mga hindi medikal na terapiya, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, espesyal na libangan (specialized recreation), sining, sayaw, at musika (na tinutukoy rito bilang mga ibinalik na serbisyo). Kabilang sa mga pagbabago sa batas ay ang pagbibigay-prioridad at pagpapabilis ng mga patakarang maaaring magdagdag ng pag-access, mangolekta ng data, o subaybayan sa mga paggasta na nauugnay sa mga serbisyon ito.

Nagbigay kamakailan ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad o Department of Developmental Services (Kagawaran) ng patnubay sa mga regional center sa pagpapatupad at pagpopondo ng mga ibinalik na serbisyo. Ang sulat noong [Oktubre 7, 2021](#) ay nag-aatas sa mga regional center na bumuo ng o i-update ang mga patakarang sa purchase of service (POS) na nauugnay sa mga ibinalik na serbisyo at magbuo at magsagawa ng pagpapaalam sa mga komunidad tungkol sa mga available na serbisyo. Noong [Pebrero 8, 2022](#), ipinagbigay-alam sa mga regional center ang bagong sub-code para sa billing at claiming na nauugnay sa mga ibinalik na serbisyo. Ang sulat noong [Nobyembre 16, 2022](#) ay nagbibigay ng paglilinaw tungkol sa timing ng mga pagbabayad para maging alinsunod ang mga ibinalik na serbisyo sa mga karaniwang proseso na ginagamit ng mga tagapagbayad na hindi regional center sa ilang partikular na kalagayan.

Mga Pagbabagong Nakakaapekto sa mga Patakarang sa POS

Gaya ng inatas ng nakaraang patnubay, binuo at ini-update ng mga regional center ang mga patakarang sa POS para sa mga ibinalik na serbisyo at isinumite ang mga patakarang iyon sa Kagawaran para maaprubahan. Nakasaad sa seksyon 4688.22(b) ng W&I Code na hindi dapat iatas ng mga regional center sa konsumidor o miyembro ng pamilya na hustuhin ang paggamit sa mga serbisyo sa ilalim ng programang Mga Pansuportang Serbisyo sa Loob ng Tahanan (In-Home Supportive Services program), ipagpalit ang mga oras ng respite o anumang iba pang serbisyo o suporta na inawtorisahan ng regional center o magbayad ng copayment o katulad na kaayusan sa hatian sa pagbabayad na naglalayong i-offset ang mga gastos, upang pondohan ang anumang ibinalik na serbisyo. Dapat suriin at baguhin ng mga regional center ang kanilang kasalukuyang patakarang sa POS, kung kinakailangan, na nauugnay sa mga ibinalik na serbisyo, upang maging alinsunod sa pagbabago sa batas na ito.

Sa pagbabago ng mga kasalukuyang patakarang sa POS, alinsunod sa seksyon [4688.22](#) ng W&I Code, dapat bigyang prioridad ng mga regional center ang pagpapahusay ng access sa mga serbisyon iyon, lalo na para sa mga bata, mga indibidwal na hindi nagsasalita ng Ingles at mga

Mga Executive Director ng Regional Center
Nobyembre 3, 2023
Ikalawang pahina

komunidad ng mga hindi puti. Ang mga patakaran ay dapat ding sumalamin ng prioridad sa pag-access ng mga serbisyong iyon, hindi lang sa pagdirekta sa mga konsumidor at kanilang pamilya sa mga kasalukuyang oportunidad para sa mga serbisyo sa libangan sa pakikisalamuha at camping, ngunit pati na rin sa direktang pagpopondo ng mga serbisyong iyon kasama ang mga suportang kinakailangan para ma-access ang mga ito.

Dapat isumite ng mga regional center ang na-update na mga patakaran sa POS para sa mga ibinalik na serbisyo para sa pagsusuri at pag-apruba ng Kagawaran. Kapag binabago ang mga patakaran sa POS para sa mga ibinalik na serbisyo, lubos na hinihikayat ang mga regional center na kumuha ng input mula sa kanilang mga lokal na komunidad at makipagtalakayan, bago ang pagsusumite sa Kagawaran. Kapag natukoy ng regional center na ang patakaran sa POS nito para sa mga ibinalik na serbisyo ay nakakatugon sa mga kinakailangan ng seksyon 4688.22 ng W&I Code, dapat isumite ng regional center ang mga patakarang iyon sa Kagawaran na may paliwanag kung paano tumatalima ang mga patakaran sa batas. Dapat ding magsumite ang regional center ng anumang mga patakarang ginagamit para awtorisahan ang mga serbisyong ito. Ang tugon ng regional center sa itaas ay dapat ibigay sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng direktibang ito.

Pagtataas ng Availability ng mga Vendor

Inaatas ng seksyon 4688.22 ng W&I code ang mga regional center na taasan ang availability ng mga vendor at pabilisin ang mga vendorization nang naaayon. Upang tumulong sa vendorization ng mga tagapagkaloob ng mga ibinalik na serbisyo, nakalakip ang isang Checklist ng mga ibinalik na Serbisyo at kinakailangang dokumento (Kalakip A - E) na dapat gamitin ng mga regional center kapag ginagawang vendor ang mga interesadong aplikante. Pinahahalagahan ng Kagawaran ang tulong ng mga regional center sa pagtukoy ng pinakakaunting dokumentong kailangan para ipatupad ang vendorization para sa mga ibinalik na serbisyo na ito.

Mga Plano ng Pagbibigay-Alam sa Komunidad

Inaatas sa mga regional center na gumawa ng mga proactive na hakbang upang ipaalam sa kanilang mga komunidad ang mga pagbabago sa seksyon 4688.22 ng W&I Code at magsumite ng bagong plano sa pagbibigay-alam na partikular sa mga pagbabagong ito. Inirerekomenda ng Kagawaran na magsagawa ang mga regional center ng pagbibigay-alam sa mga indibidwal, tagapagkaloob, at lokal ng mga organisasyon sa komunidad upang lumikha ng kamalayan tungkol sa mga kamakailang pagbabago sa batas at mga pagbabago sa patakaran sa POS. Dapat kabilang sa mga plano ang pagsasanay sa mga service coordinator para sa layunin ng pagpapakalat ng impormasyon at pagtalakay ng availability ng mga ibinalik na serbisyo sa mga pamilya at konsumidor. Dapat ding kasama sa mga na-update na plano ang mga pagsisikap na pataasin ang access sa mga ibinalik na serbisyo at mas pinasimpleng proseso ng vendorization para sa mga entidad na hindi pa ginawang vendor sa regional center.

Dapat kasama sa mga bagong plano sa pagbibigay-alam ang pagsusumite ng mga patakaran sa POS para sa mga ibinalik na serbisyo.

Mga Executive Director ng Regional Center
Nobyembre 3, 2023
Ikatlong pahina

Paggamit ng mga Serbisyong Pinapangasiwaan ng Kalahok (Participant-Directed Services) para sa Libangan ng Pakikisalamuha at Camping

Inaawtorisahan ng Seksyon 4688.22(c) ng W&I Code ang Kagawaran na ipatupad, sa pamamagitan ng nakasulat na direktiba, ang pagbibigay ng mga serbisyong pinapangasiwaan ng kalahok para sa mga serbisyong libangan sa pakikisalamuha at camping. Maaaring gumamit ang mga regional center ng mga serbisyo sa pamamahala ng pananalapi, kapag nag-aawtorisa ng libangan sa pakikisalamuha, camping, at hindi medikal na mga paggamot. Mangyaring tingnan sa nakalakip na paglalarawan ng serbisyo (Kalakip F) para sa higit na impormasyon.

Paggamit ng SRA Sub-code

Dapat tiyakin ng mga regional center na gamitin ng mga awtorisadong ibinalik na serbisyo ang "SRA" subcode gaya ng nakasaad sa sulat noong [Pebrero 8, 2022](#). Dapat gamitin ang sub-code na ito para sa billing at claiming na nauugnay sa mga ibinalik na serbisyo. Ang patuloy na paggamit ng sub-code ay magpapahintulot sa mga regional center at sa Kagawaran na mangolekta ng data at subaybayan ang mga gastusin gaya ng inaatas ng seksyon [4688.22](#) at [4519.5\(a\)\(8\)](#) ng W&I Code. Ang mga serbisyong binili sa ilalim ng mga serbisyong pinapangasiwaan ng kalahok ay hindi nangangailangan ng paggamit ng SRA sub-code.

Isasalin ng Kagawaran ang direktibang ito sa mga karaniwang sinasalitang wika at ipo-post ang nakasalin na bersyon sa website ng Kagawaran.

Ang mga patakarang sa POS para sa mga ibinalik na serbisyo at mga plano sa pagbibigay-alam ay dapat isumite sa oco@dds.ca.gov sa takdang petsa na nakasaad sa itaas. Kung may mga tanong ka tungkol sa direktibang ito, tawagan ang iyong Primary Regional Center Liaison o Office of Community Operations sa (833) 421-0061.

Taos-puso,

Pinirmahan ang Orihinal na Kopya ni:

ERNIE CRUZ

Deputy Director

Dibisyon ng mga Serbisyong Pangkomunidad (Community Services Division)

Mga Kalakip

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Brian Winfield, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Carla Castañeda, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Jim Knight, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad